

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

FOR INQUIRIES: Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building – 3F

Community Activity Support Section



Website ♪



Instagram ♪



CONSULTATION SERVICES PARA SA MGA FOREIGN RESIDENTS (LIBRE)

1	SAAN	Koshigaya City Hall, Main Building 3F ☎048-963-9114 Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)		
	ISKEDYUL	9:00am~4:30pm, Lunes – Biyernes *Maliban kung nagkataong holiday.		
	WIKA	English, Chinese, Filipino, Vietnamese, Japanese		
	*Pwedeng kumonsulta kaugnay sa mga gagawing pag-proseso sa city hall, pag-aaral ng Japanese, paninirahan sa Koshigaya o Japan, at iba pa.			

2	SAAN	Community Activity Support Center, Koshigaya Twin City B-City 5F		
	ISKEDYUL	General Consultation:	Special Consultation (Abogado, atbp):	
		10:00am~4:30pm, Araw-araw *Maliban sa Disyembre 29 – Enero 3	✓ 3 rd Wednesday, Visa related consultation ✓ 4 th Wednesday, Legal Consultation	
	WIKA	English, Chinese, Japanese		
	*Basahin ang QR code kung gustong makipag-ugnayan sa consultation counter at kung <u>magpa reserba lalo na sa special consultation, atbp.</u>			



SCHOOL ENTRANCE PREPARATION LOAN

ANO: Loan o pautang na walang interes o tubo para sa entrance fee, uniform, atbp. ng mga batang pagpasok sa high school, college o university simula Abril 2026.

MAGKANO ANG PWEDENG MA-LOAN: ¥500,000 (max) kung high school
¥800,000 (max) kung college o university

PARAAN NG PAGBAYAD: Kailangan mabayaran sa loob ng 5 taon pagkatapos ng graduation.
Babayaran ito ng hulugan o *installments*, 1 – 2 beses sa isang (1) taon.

SINO ANG PWEDENG MAG-LOAN: Magulang o guardian ng mga batang papasok sa high, college o university simula Abril 2026

MGA KONDISYON: Kailangan naka rehistrong residente ng Koshigaya, pasok sa nakatakdang income requirements, at kailangan may tatayo bilang guarantor

APLIKASYON: Pwedeng mag-apply kahit hindi pa lumabas ang resulta ng entrance exam.

➤ 1ST BATCH: Oktobre 1 – Oktobre 20, 2025

➤ 2ND BATCH: Enero 5 – Enero 26, 2026

PAANO: ✓ Online (electronic application), *Kailangan ipadala ang dokumento by postal mail

✓ Direktang dalhin ang dokumento sa opisina

IMPORMASYON: Educational Affairs Section (KYOIKU SOMU KA), ☎048-963-9280

SEMINAR PARA SA BOLUNTARYONG TRANSLATOR NG KOSHIGAYA

KAILAN: Oktubre 12, Linggo (1:00pm~3:00pm)

SAAN: Community Activity Support Center, 5th floor

TEMA, ATBP: Lektura tungkol sa mundo ng pagsasalin; pagsasanay sa pag-memorya ng detalye ng pinag-uusapan, pagsasalin, pagsulat ng notes, role-playing, atbp.

SPEAKER: Minoru Naito-san, Associate Professor,
Institute of Global Studies, Tokyo University of Foreign Studies

SINO AT ILAN ANG PWEDENG SUMALI: 40 participants (first-come, first-served basis)

- 1) Mga naka-rehistrong boluntaryong translator o interpreter ng Koshigaya
- 2) Kahit sino na nakatira, nagtatrabaho o nag-aaral sa Koshigaya na interesado sa pagsasalin o interpretation

DEADLINE NG APLIKASYON: Oktubre 5.

*Tumawag o di kaya magpa reserba online (electronic application)

MGA DADALHIN: Bolpen o lapis, notebook o papel at diksyunaryo

IMPORMASYON: Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)
City Hall Main Building 3F, ☎048-963-9114



Aplikason 🖱

"Pasalubong",

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji-san

Kultura ng Pilipinas na higit pa sa pagbibigay ng souvenir...

Kumusta ka? Heto na naman ang inyong lingkod, Coordinator for International Relations na si Daya.

Noong nakaraang buwan, umuwi ako pansamantala sa Cebu. Isang linggo lang ako dun ngunit napakarami kong bagahi. At siguro may ideya ka na kung bakit maraming bagahi. Napakaraming naghintay na mga kamag-anak, kaibigan at iba pa sa aking pag-uwi. At hindi lang ako ang hinihintay nila. Naghihintay din sila sa mga pasalubong na dala ko.

Sa Pilipinas, lalo na kapag galing ka sa ibang bansa, bumibili tayo ng pasalubong mula pagkain hanggang sa mga bagay na gusto ng ating kamag-anak, kaibigan at iba pa. At hindi lang tayo magbibigay ng isang pirasong chocolate at iba pa. Kapag nagbigay tayo, kadalasan ay marami. Yung iba naman ay nagre-request kung ano ang gustong matanggap bilang pasalubong.

Kapag nakatira o nagtatrabaho ka sa ibang bansa, minsan maging mabigat talaga kapag nagpa-plano kang umuwi o bumisita sa pinas. Dahil kailangan mong maghanda ng pasalubong sa bawat kapatid, kapamilya, kaibigan, kapitbahay at iba pa. Dapat ang dadalhin mo ay yung magugustuhan o gusto nila. At kapag nandun kana, napakasaya din na tingnan na sila ay natutuwa sa mga pasalubong na dala mo. Magiging simula din ito ng pag-uusap, chikahan at iba pa. Ang *gesture* na pagbigay ng pasalubong ay naging isang paraan na lalong mapalalim ang relasyon sa isa't isa.

Kadalasan, ano ba ang binibili mong pasalubong? At, ano naman ang gusto mong maging pasalubong?

Sa Japan, kapag may business trip ka o namasyal ka sa ibang ibang lugar, bibili ka lang ng isang supot na pasalubong (halimbawa, isang box na chocolate o cookies) at bibigyan mo lang ng tig-iisang maliit na chocolate o di kaya cookie ang iyong mga kasamahan sa trabaho, sulit na!

ALAMIN KUNG SAAN KUKUHA NG IMPORMASYON UPANG MAGING HANDA SA PAGTUGON NG DISASTER

Sa panahon ng lindol, baha, at iba pang kalamidad, magbibigay ang Koshigaya City ng impormasyon kaugnay sa paglikas, at iba pa. Pwede ring kumuha ng impormasyon sa TV, radio, internet atbp. at ang mga sumusunod ay pwedeng mapagkunan ng impormasyon

LINE app

Makakakuha ng *disaster preparedness information*, at pwedeng kumpirmahin ang pinalabas na impormasyon sa *emergency broadcast radio system* ng munisipyo.
*Kailangan i-add sa *friends list* ang *Koshigaya official LINE account* at kailangan ang settings ay pwedeng tumanggap ng impormasyon galing sa *emergency broadcast radio system*.



Add LINE friends

NHK G TV (Channel 1)

Sa mga TV na pwede sa datacasting, pwedeng makita ang impormasyon tungkol sa weather information at kalamidad sa pamamagitan ng pagpindot ng **d button** ng remote controller.



NHK WORLD-JAPAN

Isang international service ng NHK na pwedeng makakakuha ng impormasyon sa iba't-ibang wika sa TV, radio at internet.



Para sa detalye at karagdagang impormasyon tingnan sa website ng siyudad ang Koshigaya City Disaster Preparedness Guidebook.



Ang Koshigaya City Disaster Preparedness Guidebook ay nakasulat sa wikang **English, Chinese, Vietnamese at simplified Japanese**



IMPORMASYON: Crisis and Management Office (KIKI KANRI SHITSU)
City Hall Main Building 3F, ☎048-963-9285

EVENTS, ATBP

KOSHIGAYA INTERNATIONAL FESTIVAL

KAILAN: Oktobre 5, 10:00am~4:00pm

*Kansela kung may malakas na ulan.

SAAN: Mitakata Iseki Park (Laketown 8-2)

ANO: Mga paninda (pagkain, folk crafts, atbp), pagpakilala ng ibang kultura, stage performances at iba pa

IMPORMASYON:

Koshigaya International Association
(KOSHIGAYA KOKUSAI KORYU KYOKAI)

☎048-960-3350/ E-mail: kiajapan@kiajapan.com

9/15 RESPECT-FOR-THE-AGED DAY FREE ENTRANCE CAMPAIGN

SAAN	ORAS
Koshigaya Aritaki Botanical Garden (Parks & Greenery Section) ☎048-963-9225	9:00am~5:00pm *Last admission @4:30pm
Hanataen Japanese Garden ☎048-962-6999	9:00am~7:00pm *Last admission @6:00pm
Campbelltown Forest of Wild Birds ☎048-979-0100	9:00am~4:00pm *Last admission @3:30pm

Japanese Language Classes sa Buwan ng Setyembre

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
	1	2	3 ☆Nihongo Circle	4	5 ☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	6 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
7	8	9	10 ☆Nihongo Circle	11 ☆Nihongo de Go! Coop Plaza Koshigaya)	12 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai	13
14	15 Respect for the Aged Day	16	17 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	18 ☆Nihongo de Go! Coop Plaza Koshigaya)	19 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku	20
21	22	23 Autumnal Equinox Day	24 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	25 ☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	26 ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai	27
28	29	30	10/1 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	10/2	10/3 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku	10/4

	KAILAN	SAAN AT PINAKAMALAPIT NA TRAIN STATION
NIHONGO CIRCLE 【 ¥ 100 PER LESSON 】 *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	Miyerkules 10:00am ~ 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎048-974-5642 (SHIRATA-SAN)
KOSUMO NIHONGO SALON 【 ¥ 100 PER LESSON 】	Miyerkules (Gabi) 7:00pm ~ 8:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoicho 16-1 Koshigaya Twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5347-2041 (KOJIMA-SAN)
NIHONGO DE GO! 【 ¥ 100 PER LESSON 】	Biyernes 1:30pm ~ 3:30pm	(1) SAAN: Coop Plaza Koshigaya (ADRES: Minami Koshigaya 5-4-37) STATION: Shin Koshigaya Station West Exit (6-min. walk) (2) SAAN: Minami Koshigaya Community Center – Palette (ADRES: Minami Koshigaya 4-21-1) STATION: Shin Koshigaya Station West Exit (5-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5574-7070 (TAKAYAMA-SAN)
LINGUAL KOSHIGAYA 【LIBRE】	Sabado 10:00am ~ 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎080-3478-3314 (SUZUKI-SAN)
TABUNKA KODOMO GAKUSHU JUKU 【LIBRE】	Sabado (1st & 3rd) 1:30pm ~ 3:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoicho 16-1 Koshigaya twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-7422-2002 (OGAWA-SAN)
KOSUMO KODOMO KYOSHITSU & KOSUMO NIHONGO SALON SENGENDAI 【LIBRE】	Sabado 1:30pm ~ 3:30pm	SAAN: Resona Youth Base, Saitama Resona Sengendai Branch 3F (ADRES: Koshigaya-shi Sengendai 1-5-17) STATION: Sengendai Station West Exit (3-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-8310-9522 (INCHARGE)

